LESSON NOTES

# Advanced Audio Blog S2 #1
# Top 5 Filipino Tourist Destinations: Palawan

## CONTENTS


2 Filipino
2 English
3 Vocabulary
3 Sample Sentences
4 Cultural Insight


# 1

innoVativeLANGUAGE.COM
COPYRIGHT © 2012 INNOVATIVE LANGUAGE LEARNING. ALL RIGHTS RESERVED.

# FILIPINO

1. Palawan

2. Ang Palawan ay kapwa isang isla at isang lalawigan sa Pilipinas. Kasama sa lalawigan ang Isla ng Palawan at ilang mas maliliit na mga pulo. Ang rehiyon ay lubhang popular sa mga turista dahil sa mga maputi at mabuhangin nitong mga dalampasigan at mabatong makikipot na look. Marami ding maaaring tuklasin malayo sa aplaya, kasama na ang ilang mga birheng kagubatan, mga bundok, mga mababang burol, mga kapatagan, at mga delta. Pinangalanan ng National Geographic Traveler bilang pinakamahusay na islang destinasyon ng Silangan at Timog-silangang Asya noong taong 2007(dalawang libo at pito), gayundin bilang isa sa ikalabintatlong pinakamahusay na mga isla sa mundo. Sa unang bahagi ng taong 1990 (isang libo siyam na raan at siyamnapu), ang isla ay nabigyan ng katayuan na Biosphere Reserve dahil naglalaman ito ng pinaka-magkakaibang populasyon ng mga uri ng hayop sa bansa.

3. Bukod sa magagandang mga dalampasigan, ang mga bisita sa Palawan ay may maraming iba pang mga lugar para tuklasin. Ang Calauit Game Preserve ay isang lugar upang pumunta para makakita ng ilan sa mga kakaiba at papawalang mga hayop ng Aprika at gayundin mismo ang Palawan. Ang Coron Reefs ay nagbibigay ng isang nakamangmanghang destinasyon para sa mga maninisid, at ang Reserbang Pandagat ng El Nido ay kasama ang ilang mga hardin ng higanteng kabibe. Pinangalanan ng UNESCO ang dalawang lokasyon sa Palawan sa listahan nito ng mga Pandaigdigang Pamanang Pook. Ang mga pook na ito ay ang Puerto Princesa Subterranean National Park at ang Tubbataha Reef Marine Park. Ang nauna ay isang ilog sa ilalim ng lupa sa isang napakalaking lugar ng limestone karst. Ang ikalawa ay isang atoll reef na siksik sa iba't ibang uri ng mga hayop ng karagatan. Isa pang lugar ng pansin para sa mga nagmamahal sa kalikasan ay ang Isla ng Ursula, na isang santuwaryo ng ibon at kanlungan ng mga maiilap na hayop.

# ENGLISH

1. Palawan

CONT'D OVER

2. Palawan is both an island and a province in the Philippines. The province includes Palawan Island and a number of smaller isles. The region is extremely popular with tourists because of its white, sandy beaches and rocky coves. There is also plenty to explore inland, including a number of virgin forests, mountains, foothills, plains, and deltas. National Geographic Traveler named the island as East and Southeast Asia's 2007 best island destination, as well as one of the world's 13th best islands. In the early part of the 1990s, the island was granted the status of Biosphere Reserve because it contains the most diverse population of species in the country.

3. Aside from the beautiful beaches, visitors to Palawan also have many other places to explore. The Calauit Game Preserve is a place to go see some of the exotic and endangered animals of Africa and also of Palawan itself. The Coron Reefs provide an incredible destination for divers, and El Nido Marine Reserve Park includes a number of giant clam gardens. UNESCO has named two locations in Palawan to its World Heritage Sites list. Those sites are the Puerto-Princesa Subterranean River National Park and the Tubbataha Reef Marine Park. The former is an underground river in a massive limestone karst area. The latter is an atoll reef that is densely packed with different kinds of oceanic species. Another place of note for nature lovers is Ursula Island, which is a bird sanctuary and game refuge.

4. In spite of the many tourist attractions in Palawan, agriculture remains the largest part of the province's economy. Pearl diving also used to be a big part of the economy there, although it is not as important as it once was.

# VOCABULARY

| Filipino | English | Class |
|---|---|---|
| atoll | atoll | noun |
| birhen | virgin | adjective |
| malayo sa aplaya | inland | noun |
| delta | delta | noun |
| mababang burol | foothill | noun |
| pulo | isle | noun |
| biosphere | biosphere | noun |
| karst | karst | noun |

# SAMPLE SENTENCES

| | |
|---|---|
| **Ang barko ay nahati sa dalawa sa may atoll na hindi kalayuan mula sa pampang.**<br><br>"The ship broke apart on the atoll not far from shore." | **Ang kwento ang birheng kapanganakan ni Hesus ay alam ng nakararami.**<br><br>"The story of the virgin birth of Jesus is widely known." |
| **Nang ang mga dayuhan ay nagsimulang lumipat malayo sa aplaya, napansin nilang ang makakapal na mga kagubatan ay numipis.**<br><br>"When the settlers began to move inland, they noticed that the thick forests thinned out." | **Ang mga delta ng ilog ay lumilikha ng isang masagana at matabang lugar na perpekto para sa pagpapalaki ng mga pananim.**<br><br>"River deltas create a rich, fertile area that is perfect for growing crops." |
| **Ang mga taong nanirahan sa mga mababang burol ay nagkaroon ng sarili nilang diyalekto.**<br><br>"The people who lived in the foothills had their own dialect." | **Dinala ng bangka ang mga turista papunta sa pinaka-popular na mga pulo sa rehiyon.**<br><br>"The boat took the tourists out to the most popular isles in the region." |
| **Dapat nating gawin ang ating makakaya upang protektahan ang biosphere ng ating komunidad.**<br><br>"We should all do what we can to protect our community biosphere." | **Ang mga karst na pormasyon ay nalikha sa pamamagitan ng mga patong ng iba't ibang mga uri ng bato.**<br><br>"Karst formations are created by layers of different kinds of rock." |

## CULTURAL INSIGHT

### Did you know?

---

*Noong 1930s, ang pinakamalaking perlas na natuklasan kailanman ay natagpuan sa mga karagatan sa dalampasigan ng Palawan. Ang Perlas ni Lao Tzu ay dinala sa Estados Unidos ni Wilburn Cobb, na tinangkang bilhin ang perlas mula sa isang pinuno ng tribo sa Pilipinas. Matapos niyang iligtas ang anak na lalaki ng pinuno, na nagkaroon ng malarya, ibinigay ito sa kanya ng pinuno bilang isang regalo. Ang perlas ay hindi kasing kalidad ng hiyas, ngunit ito ang tinatawag ng mga gemologist na isang kabibeng perlas. Ang perlas ay iniuugnay sa isang alamat na Intsik na kinasasangkutan ng isang tagasunod ni Lao Tzu, isang maalamat na pantas,*

*higit sa 2,500 taon na ang nakalipas. Ipinapalagay na ang perlas ay nailipat mula sa isang kabibe papunta sa iba pang kabibe sa loob ng libu-libong taon, na lumaki ng lumaki sa paglipas ng panahon.*

---

In the 1930s, the largest pearl ever discovered was found in the oceans off the coast of Palawan. The Pearl of Lao Tzu was brought to the U.S. by Wilburn Cobb, who attempted to buy the pearl from a tribal chief in the Philippines. After he saved the chief's son, who had malaria, the chief gave it to him as a gift. The pearl is not of gem quality, but it is what gemologists call a clam pearl. The pearl has been linked to a Chinese legend involving a follower of Lao Tzu, the legendary sage, over 2,500 years ago. Supposedly the pearl had been transferred from one clam to another over thousands of years, getting larger and larger over time.